

ANG BAGO SA BAGONG NORMAL

Chuckberry J. Pascual at Ralph Semino Galan

Binuo ang isyung ito ng *Tomás* mula 2021 hanggang 2022. At sa sandali ng pagsulat ng introduksiyong ito, umabot na nang mahigit dalawang taon ang pandemya. Sa loob ng dalawang taong ito, marami nang nangyari: gumaan na ang mga restriksiyon sa paglabas, bumalik na sa dating operasyon ang pampublikong transportasyon, unti-unti nang nakapagbukas ang mga negosyo, marami nang nabakunahan nang makailang beses, may mga kompanya at mga paaralang bumabalik na sa face-to-face na trabaho at klase, natapos na ang eleksiyon.

Noong unang taon pa lang ng pandemya, paulit-ulit nang binabanggit ang mga katagang “new normal.” Hindi na raw tayo makakabalik sa dati pa, at magpapatuloy ang buhay nating lahat nang umaangkop lang sa pagbabago. Sa kaso ng Center for Creative Writing and Literary Studies, dalawang taon nang fully online ang aming mga programa. Nasa Facebook ang mga video para sa USTingan at UST Authors Series, nasa Spotify, Anchor, at Apple podcasts ang USTinig podcast, tatlong edisyon na ng UST National Writers’ Workshop ang isinagawa sa pamamagitan ng Zoom, at pangatlong isyu na ito ng *Tomás* na online din ang magiging paglulunsad. At dahil mga guro rin sa unibersidad ang mga miyembro ng CCWLS, mahigit dalawang taon na rin kaming nagkklase gamit lamang ang mga computer na nakakabit sa internet. Kung ibabatay sa naging pag-agapay nating lahat sa pandemya nitong huling dalawang taon, maaring sabihing nakarating na nga tayo sa “bagong normal.”

Maaari ding isiping kasama sa bagong normal na ito ang pagbabago ng pananaw sa pandemya. Dahil nagkaroon na nga ng bakuna, tila hindi na masyadong takot ang mga tao sa COVID-19. Nag-iingat pa rin siyempre, sumusunod pa rin sa mga protocol pangkalusugan, pero mas may ahensiya na ang mga tao sa kanilang pagkilos, sa paglabas-labas. Kasama nito, dahil itinali tayo ng pandemya sa ating mga tahanan, at mas umigting ang internet bilang midyum ng komunikasyon, maaari ring mapansin ang pagbabago sa pananaw-panlipunan, partikular sa pagtanggap sa katotohanan sa pamamagitan ng internet.

Nababanggit na ang mga katagang post-truth, fake news, at disinformation bago pa man nagkaroon ng pandemya. Pero sa lahat ng pagbabagong pinagdaanan natin nitong huling dalawang taon, tila lalong tumindi ang mga puwersang ito. At tulad ng naging pag-agapay natin sa panahong may virus na banta sa ating aktuwal na buhay, natuto rin tayong umangkop sa nagbagong katangian ng ating birtuwal na buhay. Pansinin na lamang kung paanong naging bahagi na ng popular na diskurso sa social media ang pagkilatis sa balita: totoo ba ang sinasabi nito o niloloko lang ang mambabasa? Kailangang suriin nang maigi ang batis, kung mapagkakatiwalaan ba ang isang news agency o hindi. Palasak na rin ang usapan at biru-biruan sa libo-libong propesyonal na troll sa internet. Tila tanggap na ng sinuman ang posibilidad na putaktihin ng mga troll kung sakaling may maipaskil sa social media na taliwas sa ilang popular na paniniwala. Batid ng ordinaryong netizen ang laging nariyang posibilidad—at panganib—ng redtagging. Alam na rin ng karamihan ang samu't saring naratibong ikinakalat sa internet at social media na sadyang binabaluktot o nilalabusaw ang kasaysayan.

May alingawngaw ang lahat ng usaping ito sa panitikan. Dahil bahagi ng tungkulin ng manunulat ang etikal na imperatibo. Bahagi ng imperatibong ito ang paghahayag ng katotohanan, ng pagtatala ng kasaysayan, at matatagpuan ito kahit sa mga akdang sa unang tingin, ay personal o espispiko

ang isyu. Ang indibidwal ay bahagi ng lipunan, at ang bawat indibidwal na malikhaing pagtatala ng karanasan ay pakikibahagi sa paghihiraya ng ating sitwasyon bilang lipunan, ng pagtatala ng ating kolektibong kasaysayan, at pagpapahayag ng katotohanan. Ganito namin nais ikuwadro ang mga akdang kabilang sa isyung ito ng Tomas. Ang mga bagong akdang ito ang patunay ng pagpupunyagi ng mga manunulat na Pilipinong lumingon sa kasaysayan, itala ang kasalukuyan, at tumanaw sa hinaharap nang may pag-asa. Mula indibidwal patungong kolektibo, ipinapahayag ng mga manunulat ang kani-kanilang katotohanan sa harap ng patuloy na daluyong ng pekeng balita, disimpormasyon, at pagbaluktot sa kasaysayan. Pagpupunyagi ito sa kabila ng lahat, ang pagsisikap na lumikha ng bago sa bagong normal.

Nilalaro ng maikling kuwentong “Sinaing” ni Emmanuel T. Barrameda ang ibig sabihin ng salitang “positibo” sa kasalukuyang panahon: maaaring ito ay patungkol sa kinatatakutang COVID-19 o sa ipinagdiriwang na pagbubuntis. Minumundo ng katha ang salaysay ng isang mag-asawang may simpleng pamumuhay, at kung paano silang nahirapan at umangkop sa panahon ng pandemya.

Ipinapaalala ng “Palayok-palayukan para kay Carlito” ni Eugene Y. Evasco kung gaano kahalaga ang paglalaro, at kung paanong nagbibigay ito ng mga posibilidad sa paglaki ng bata. Pero kasama sa paghahanap ng mga posibilidad sa pagkatao sa pamamagitan ng laro, ipinapaalala rin sa atin ng akda na mahalagang mag-ingat na huwag mabitag sa samu’t saring pagkakahon ng lipunan—anuman ang ating maging edad.

Ang interteksto ng “Blue Waters” ni Joselito D. Delos Reyes ay ang kanonikal na kuwentong “Impeng Negro” ni Rogelio Sicat. At tunay sa naging layon ng kuwentong iyon at ng mga akdang kasama nito sa *Mga Agos sa Disyerto*, tinatangka ng “Blue Waters” na padaluyin ang pagdududa sa tuyot at kampakanteng pananaw sa takbo ng lipunan: paano kung ang tubig na

kinokonsumo natin sa araw-araw ay produkto pala ng malawakang sistema ng pandaraya? At paano kung ang mga indibidiwal na inaasahan nating mabuti ang siya pa mismong nagpapatakbo ng sistemang ito?

Isinasalaysay sa “Imahen” ni Perry C. Mangilaya ang hamon sa pananampalataya ni Badong: totoo bang banal ang imaheng bigla na lang lumitaw sa pader? May mga nagpapatunay—may mga gumaling ang karamdaman—at patuloy na dinarayo ng mga tao ang imahen, pero hindi ito lubos na matanggap ni Badong, kahit siya mismo ay mayroong sakit at kailangang gumaling. Ang isa pang hamon na inilalarawan sa kuwento ay ang sitwasyon ng isang lipunan kung saan mas pinipili pa ng mga taong umasa sa himala, kaysa suportang magmumula sa mga ahensiya ng gobyerno.

May sipi mula sa tanyag na nobelang *Love in the time of Cholera* ang isyung ito. Isinalin ito sa Filipino ni John Jack G. Wigley. Ang sipi ay mula sa unang kabanata, kung saan ipinapakilala sa atin ang tauhang si Dr. Juvenal Urbino. Dahil sa saling ito, naibubukas ang akda ni Marquez sa bagong mga mambabasa, at lalo lamang itong magiging kalugod-lugod dahil sa madulas at masarap basahing salin sa Filipino.

Ang katawan at ang karahasan na maaaring idulot nito ang kambal na temang nag-uugnay sa mga katha sa Ingles, kahit na magkakaiba ang pamamaraan ng kanilang pagkukuwento. Salungat sa pamagat, hindi palaging maaruga at malambing ang ama sa maikling kuwentong “The Favorite” ni Cess Alessandra, kahit sa paborito niyang anak. Dumadaan sa sentral na kamalayan ni Maya—ang identical twin ni Luna, na siyang tinutukoy ng pamagat ng realistang akda—ang pagsasalaysay ng mga nagaganap. Nais ng magkapatid na tulungan ang kanilang ama na mapatunayang wala itong sala sa krimeng binibintang sa kanya. Nais din nilang malaman kung ano ba talaga ang nangyari noong gabing naaksidente at namatay ang kanilang ina sa loob ng kanilang pamamahay. Sa dulo ng kuwento, maraming matutuklasan ang magkakambal tungkol sa kanilang ama, at sa isa’t isa.

Ang “My Old Man” ni George Deoso ay tungkol rin sa relasyon ng isang anak sa kanyang ama. Tunog autobiographical ang kuwento na binubuo ng mga kabanata na hitik sa karahasan at ang kabaligtaran nito. Walang katiyakan ang pakikitungo ng mag-ama sa isa’t isa, kaya hindi rin mawari ng mambabasa kung anong emosyon ang nangingibaw sa pagitan nila. Sila ba ay talagang magkaiba, o magkawangis sa pag-uugali: malupit ang ama sa aso (kinatay at ginawa niyang pulutan ang alaga ng kanyang anak na babae), ngunit mabait sa pusa (kinupkop niya ang isang pusang gala); ang anak naman ay mabait sa aso (nag-aalaga siya ng aso), ngunit malupit sa pusa (binitiwang niya ang pusa ng kanilang kapitbahay mula sa ikatlong palapag ng kanilang ipinapagawang bahay.)

Ang katha naman ni Rye Antonio na “Body Count: 1” ay mukhang kuwentong krimen na may kabig sa unang basa. Tulad sa nobelang *The Murder of Roger Ackroyd* ni Agatha Christie, ang nagsasalaysay sa pagpaslang ay ang mamamatay-tao mismo. Naganap ang mga pangyayari sa panahon ng pandemya, sa isang lumang boarding house, kaya claustrophobic ang mundo ng kuwento. Dapat abangan ng mambabasa ang bathos sa dulo ng naratibo, at kung paano nito wawasakin ang mga inaasahan ng mambabasa.

Napapanahon naman ang ispekulatibong katha ni Raymund Reyes na pinamagatang “The Duplicate President,” isang naratibo patungkol sa isang alternatibong Pilipinas, kung saan ang pangulo ng bansa, na may balak makipaglaban sa Tsina dahil sa mga isla ng West Philippine Sea, ay papalitan ng isang clone para maiwasan ang hidwaan sa dalawang bansa. Ang mga tauhan at sitwasyon ng kuwento ay madaling makikilala: isang presidenteng diktador, ang mala-donya niyang nanay na dating maimpluwensiya, ang mga heneral na nagsasabwatan para palitan ang pinuno ng bansa. Pero dahil hindi ito realistang akda, katulad ng nobelang *Twice Blessed* ni Ninotchka Rosca, hindi rin lubos ang pagkakapareho ng mga tauhan at pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas.

Dati, ang mga baklang kontesera ay obheto lamang ng pag-aaral. Pero sa sanaysay na “Korona” ni KC Daniel Inventor, ang kuwento ay nagmumula mismo sa isang baklang dating kontesera. Pinasisilip ng akda ang mambabasa sa dinamiko ng mga relasyon ng mga nagkokompetisyon, sa buhay ng isang baklang nagbibihis-babae, sa isang lipunang nananatiling dominante ang heterosexismo, at patuloy na kinakaharap ang banta ng HIV.

Ang looban bilang tirahan ng mahihirap sa siyudad ay madalas bigyang representasyon sa panitikan. Pero naiiba ang sanaysay na “Ang Alaala ng Apoy” ni Darwin Medallada dahil ang naratibo ay mula mismo sa isang taga-looban. Magaan ang pagkukuwento ng sanaysay pero nakalulunog ang laman. May taglay itong mapait na komentaryo sa pagtrato sa mahihirap sa lipunan at gayundin sa pagtatala ng alaala, kaya mas tumitiim ang pagtatangkang iukit ang karanasang ito sa papel.

Ang inilalarawan naman sa “Paglalakad sa Panahon ng Pandemya” ni Mark Anthony S. Salvador ay isang paraan ng pag-angkop sa isang panahong puno ng kawalang katiyakan. Pamilyar sa atin ang danas na ito nitong huling dalawang taon, pero binibigyan ng ibang perspektibo at partikularidad ni Salvador. Tila binabago ng akda ang konsepto ng flaneur: mula sa pagiging burgis ay naging pangkaraniwan ito, at ang pagkadismaya ay nagsilbing lunsaran ng komentaryo sa kasalukuyang lipunan.

Bagong perspektibo at partikularidad rin ang ibinibigay sa atin ng sanaysay na “Si Nanay at ang mga Lihim ng Habambuhay” ni Mayette M. Bayuga. Dalawang patong ang naratibong isinasalaysay: ang kuwento ng maysakit, at ang kuwento ng nag-aalaga sa maysakit. Personal ang lunsaran ng akda, pero umiigpaw patungo sa usaping panlipunan: matapang itong komentaryo sa sistemang pangkalusugan sa bansa, kung paanong para lamang ito sa may kaya. Pinasisilip rin ng sanaysay ang buhay ng mga freelancer, at kung paanong kawangki lagi ang lipunan at ekonomiya maging sa mga relasyong pampamilya.

Magkakahawig ang tabas ng mga sanaysay sa Ingles sa isyung ito: mga alalala ng nakaraan, at kung paano nito hinuhubog ang kasalukuyan.

Itinala ni Cristina Pantoja Hidalgo sa “Personal Chronicles: The UST ‘Pandemic Workshop’ 2021” ang mga pangyayari sa ikalawang online workshop ng UST CCWLS. Maaari itong ituring na halimbawa ng kasaysayang pampanitikan, kung paanong itinawid ang mga palihan sa panahon ng pandemya, at kung ano ang mga akdang isinulat ng mga kabataang manunulat noong panahong ito. Isa rin itong dokumentasyon ng institusyonal na kasaysayan ng CCWLS, at maaaring magsilbing halimbawa ng praktikal na kritisismong pampanitikan na maaaring gamitin bilang gabay ng mga baguhang manunulat sa pagpanday ng kanilang panulat.

Nostalgic ang tono ng mga piyesa nina Jose Mojica at Alice Sun-Cua tungkol sa kanilang pagkabata. Napakaromantiko ng pananaw ng batang tagapagsalaysay sa sanaysay ni Mojica na pinamagatang “The Distance of the Moon” dahil nais niyang masilayan at maabot ang buwan at ang langit sa kahit anong paraan: magdikit ng “luminous celestial stickers” sa kisame ng kuwarto nilang magkakapatid; subukang akyatin ang pinakamataas na puno sa kanilang hardin, kasama ang kanyang mga kapatid at pinsan; tangkaing abutin ang buwan sa Baguio, na sa musmos niyang isip, ay napakalapit na sa langit. Naging inspirasyon niya sa pagsulat ng kanyang sanaysay ang isang kuwento tungkol sa buwan ni Italo Calvino, ang batikang Italyanong manunulat, na ang husay sa pagsusulat ay pinapangarap niyang maabot.

Tungkol naman sa kanyang namayapang ina ang kambal na memoirs ni Alice Sun-Cua. Ipinagdiriwang ni Sun-Cua sa “The Blue Dress” ang tiyaga at husay ng kanyang nanay bilang mananahi, na lumikha ng damit para sa kanyang piano recital. Sa “The Aroma of Adobo,” ang galing naman ng mámang niya sa pagluluto ng mga paborito niyang putahe ang kanyang binigyan nang pansin at papuri, lalo na ang Ilonggong bersiyon ng pambansang ulam ng Pilipinas.

Mahusay ang pagtalakay ni Dawn Laurente Marfil sa biglang paglitaw ng kanyang ama sa kanyang condo at buhay sa piyesang “Speedy Gonzales, Why Don’t You Come Home?” Huling nakaharap ni Marfil ang kanyang ama noong bata pa siya, nang hinatid nila ito ng kanyang ina sa Ninoy Aquino International Airport. Medyo asiwa ang ugnayan nilang mag-ama sa umpisa, ngunit sa huli, napagtanto ni Marfil na hindi rin sila nagkakalayo. Kaya nagpasya siyang patawarin ang ama sa kabila ng maraming taon ng pagkukulang nito sa kanya.

Payak ang wika, pero komplikado ang mga tula sa “Mga Pangkaraniwan” ni Mykel Andrada. Tinutulaan niya ang mga ordinaryong bagay, sitwasyon, tao at pinaangat ang pambihira sa mga ito—na maaaring magdulot ng saya, pagkamangha, paghanga, o sa kaso ng “Doon Po sa Amin, Bayan ni ‘Tay Bakak,” panghihilakbot na maaaring gumising sa pinamanhid nang damdamin ng mambabasang matagal nang bugbog sa baluktot na sistema.

Batay sa titulo, may pangako ng pagbibigay ng bagong kaalaman ang “Pagpapakilala” ni Ma. Cecilia D. Dela Rosa. At tinutupad naman ito ng mga tula: maaaring isiping tungkol ang mga ito sa identidad, kung paanong napag-iisa ang katawan at siyudad, ang makata at tula, kung paanong napapalawak ang munting sarili, napapaliit ang malalaking hindi magagap. Pero tila sinasabi rin ni Dela Rosa na hindi maikakahon sa usapin ng identidad ang kanyang mga tula, dahil ang bawat pag-apuhap sa kaalaman ay pagkilala rin sa sariling kamangmangan, sa kawalan ng kaalaman, kaya nga kinakailangan ang patuloy na pagmamakata. Sabi nga niya sa “Kaso hindi ‘yun lungkot”: “Gigising kang makata dahil natulog/ kang tumutula. Tapos maririnig mo/ ang kuwento ng bangungot ng iba./ Itutula mo para gumanda,” at saka iikot pabalik sa titulo: “kaso hindi ‘yun lungkot.”

Sa “Limang Tula” ni Emmanuel Quintos Velasco, naghahalo ang nakikita at di-nakikita, lumalabo ang mga hanggahan ng sarili at di-sarili: may papel ang parola sa buhay ng mga tumatanaw, may daan pauwing may kaugnayan sa relasyon ng persona at kanyang kausap, may mga imaheng may ginigising na alaala. Magkakadugtong ang lahat, at gayundin ang siklo ng buhay: “nalilikha, nananatili, nawawala.”

Sa “Pagtatanghal ng Banal,” ang unang tula sa “Prusisyunal” ni Jose Martin V. Singh, naghahalo ang mangha at hilakbot sa mga taludtod na “Ang krus/ ay bintana/ sa kawalan.” Pagkatapos nito, magsisimula ang prusisyon, mula sa paanyaya ng matraka hanggang sa pagbalik sa simbahan, at ipararanas ni Singh sa mambabasa kung paanong nagsasalimbayan ang mga kontradiksiyong nakabaon sa pananalampataya, relihiyon, buhay, at kamatayan.

Kung ituturing sa kanilang kabuuan ang apat na kalipunan ng mga tula sa Ingles, maaari itong ilarawan bilang isang paglalakbay palabas, mula sa laylayan ng bayan ng Victorias, Negros Occidental (“Angry Christ and Other Poems” ni Vincen Gregory Yu), patungo sa kung saan-saang dako sa mundo (“Watchful and Other Poems” ni Mark Angeles).

Ang titulong tula na “Angry Christ” ni Vincen Gregory Yu ay isang ekphrasis ng mural ni Alfonso Ossorio na centerpiece ng Chapel of St Joseph the Worker sa nabanggit na bayan. Anak mayaman si Ossorio—mga hacendero ang kanyang angkan—ngunit ang kanyang paglalarawan sa Anak ng Diyos ay bilang isang galit na rebolusyonaryo: “This is how I shall give/ you to the world: as a tendril/ of fear. Your heart on fire,/ eyes suffused with fury, arms/ outstretched, and behind you,/ the most monstrous hands,/ as if maneuvering/ a demon marionette.//”

Relihiyon at rebolusyon din ang magkakambal na tema ng “Between Prayers: A Sequence of Poems” ni Jefferson Acosta: “Will the sound of gunfire// ever stop at daybreaks?/ On the edge of your thighs// I pretend to

kiss your flesh/ like how bombs kiss the pavement// before blooming to their fullest/ because where else could I// start a prayer?/" Puno ng mga imahen, sanhi, at resulta ng dahas ang mga tula ni Acosta: baril at riple, bomba at granada, patalim at kawit, pagkalunod at pagkalunos.

Habang hitik naman ng mga imahen mula sa kalikasan ang "Epilogue to a Never Ending Story and Other Poems" ni Jonel Abellanosa: ibon (flowerpecker, shama) at bulaklak (jasmine, heliotrope), prutas at anila, moss at lichen, halaman at kawayan, at iba pa. Tila ang proyekto ni Abellanosa sa kanyang koleksiyon ay ang sinasaad sa unang saknong ng kanyang tulang "Solitude:" "Taking Diane Ackerman's challenge/ in her A Natural History of the Senses/ for poets to describe a cathedral's smell,/ I accompany the hours. The dawn leaves.//"

Tila isa namang travelogue ng dahas at danas ang "Watchful and Other Poems" ni Mark Angeles. Gamit ang samu't saring persona at tauhan, lugar at lunan, sinisiyasat niya ang iba't ibang uri ng pang-aapi: laban sa babae na nararanasan niya sa pamamagitan ng kanyang katawan ("Watchful," Congo); diskriminasyon laban sa isang buong lahi na humantong sa malawakang paglipol ng mga Hudyo at iba pang mga pangkat etniko ("Into Jasenovac," Croatia); ang armadong tunggalian ng mga Hudyo at Palestino sa pinagtatalunang teritoryo sa Gitnang Silangan ("Nighttime in Gaza,"); ang pagpaslang ni Judith sa Assyrian na heneral upang protektahan ang kanyang lungsod sa pagsalakay ("Slaying of Holofernes," Biblikal na lungsod ng Bethulia); at ang kemikal na trahedya na naganap sa isang planta ng United Carbide India Limited noong Disyembre 2-3, 1984, na nakaapekto sa mahigit kalahating milyong Indiyano ("Bhopal," India). Halatang-halata sa mga tula ni Angeles ang kanyang pakikiramay sa mga tinatapakan: That evening, they went straight/ to bed, too dead// -tired to even say a prayer;/ eyelids shut and will never open// again. In their dreams,/ they were flying//

over graves and dead trees,/ only to be awakened// with their lungs bursting/
into flames—// lampblack lungs in the light/ of day.”

Ang kritikal na sanaysay na “Bagot at Bigo: Iba’t ibang Mukha ng Bayani sa *Tungkol sa Aso*” ni Kisha Aleena Abuda ay pagbasa sa koleksiyon ng kuwento ni U Z. Eliserio. Ayon kay Abuda, ang nagbibigkis sa koleksiyon ay ang imahen ng bayani. Binabaligtad ng mga kuwento sa *Tungkol sa Aso* ang kumbensiyonal na pagtingin sa bayani dahil itinatanghal ang mahina bilang malakas, at ang talunan bilang nagwagi. Mahusay na pagbasa ito sa mga kuwento ni Eliserio, isa sa mga prolipikong kuwentista sa kasalukuyan na may dalang bagong perspektibo sa pagsulat ng maikling kuwento, at mahusay na pagpapakilala rin kay Abuda bilang isang kritiko.

Tinukoy ni Abuda sa kanyang sanaysay ang impluwensiya ni Rizal kay U Z. Eliserio sa pamamagitan ng mga kuwentong “Simeon sa Amerika” at “Damaso.” At sa kritikal na sanaysay na “Ilang Tala sa Isyu ng Pagsasalin kay/ni Rizal,” ang sinusuri ni Eliserio ay ang mga pagsasalin kay Rizal. Probokatibo at malawak ang kanyang mga asersiyon: mula sa pagsasalin, aabot ang kritika sa kasalukuyang sitwasyon ng lipunan. Tila nais patunayan ni Eliserio na ang usapan kay Rizal ay hindi lang talaga tungkol kay Rizal, tulad ng kanyang sanaysay: na ang mga usapin sa wika at pagsasalin ay hindi lamang talaga usapin ng wika at pagsasalin.

Komunikasyon at komunidad ang kambal na sinulid na nagtatahi sa mga kritismo sa Ingles. Tinatalakay ng “Going Beyond the Words: The Social Construction of Reality in Cirilo F. Bautista’s ‘Ritual’” ni Jenny Ortuoste ang kahalagahan ng komunikasyon sa pagbubuo ng isang komunidad. Gamit ang teoryang pangkomunikasyon, sinuri niya ang premyadong maikling kuwento ng 2014 Pambansang Alagad ng Sining ng Pilipinas sa Literatura, at natuklasan niyang ang komunikasyon sa nasabing katha ay may dalawang

nilalandas: bilang paghahayag ng kultura, at bilang kasangkapan sa pagbabago ng lipunan.

Sa “Performing Queer Christianity: Writing Gayness, Rethinking the Divine,” ginalugad ni Ronald Baytan ang kanyang pakikipaglaban para sa kanyang identidad bilang miyembro ng komunidad ng LGBTQIA+, at kung paanong nagbago ang kanyang pananaw sa organisadong relihiyon (Catholic-Born Again) nang matuklasan niya ang aternatibong pamamaraan ng pagpupugay sa Maykapal. Wika nga niya sa konklusyon ng kanyang kritikal na sanaysay: “With ‘God bless,’ I embrace all that is good in Christianity or any other religion, and in the God it has conjured and worshipped. A God that affirms individual uniqueness, and loves the pariahs, the disenfranchised, and the dispossessed. A God that represents justice and goodness, though these may be rare in the world.”

Gamit ang ecocritical na lapit, tinatalakay ng “A Poetics of Co-Experiences and Divergences: Topophilia and Topophobic Encounters in the Selected Poems of Salomon de la Selva in *Tropical Town and Other Poems*” ni Jan Raen Ledesma ang kahalagahan ng “oikos” or “integrated relationships” sa komunidad at lipunan. Tinutukan ni Ledesma ang mga kategoryang topophilia at topophobia sa kanyang pagbasa ng mga piling tula ni de la Selva, at kanyang napagtanto na ang persona sa nasabing kalipunan ay isang uri ng “quixotic visionary and memory keeper—a man with a revitalized point of view regarding the ecocritical notion of “place-making” as shaped by forces such as immigration, exile, and nostalgia.”

Pinapahalagahan ni Merlie M. Alunan ang mga panitikang mula sa rehiyon sa pagbubuo ng pambansang panitikan sa kanyang pambungad na salita sa Taboan 2019 na ginanap sa Pili, Camarines Sur. Tinalakay niya sa “Sampungong Guramoy,” ang pagnanasa ng mga manunulat mula sa Visayas at Mindanao—pati na rin ng mga taga-Bicol—na magtatag ng isang “literary

geography” na may “southern consciousness” dalawampung taon na ang lumipis sa Naga City, at kung paano ito isinasakatuparan sa kasalukuyan.

Tunay na napakayaman ng isyung ito, salamat sa lahat ng mga manunulat na patuloy na nagpupunyaging lampasan ang samu’t saring hadlang at pagsubok sa pang-araw-araw, na siya ring mga hadlang sa pagsulat, panahon man ng pandemya o hindi, sa bansang tulad ng sa atin. Nawa’y ang mga pagpupunyaging ito ay masundan pa nang mas marami, nang walang tigil, at sa gayon ay mapagwagian natin sa dulo ang pagpapahayag ng katotohanan na aalingawngaw lampas sa papel, lampas sa mga sulok ng akademya, patungo sa mas malawak na lipunan.